

Ang Programa sa Pagpapatagumpay sa Mag-aaral sa Mataas na Paaralan (The Student Success Program in High School)

Magkaka-iba ang paraan paano matuto ang bawat mag-aaral. Sa ngayon, mayroon ng mga bagong paraan para sa mga mag-aaral sa mataas na paaralan at makaipon ng mga kredit na kailangan nila para makapagtapos.

Ang programa sa Pagpapatagumpay sa Mag-aaral ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng malawak at makabagong pagpipilian upang makatulong na madala ang pag-aaral sa labas ng tradisyonal na silid-aralan. Ang mga mag-aaral sa mataas na paaralan ay:

- Magkakaroon ng mas maraming oportunidad na magtagumpay
- Manatiling may interes at nakatuon sa pag-aaral
- Masiyahan sa iba pang paraan para makaipon ng mga kredit

Mayroong mas maraming oportunidad ang mga mag-aaral sa mataas na paaralan sa Ontario na magawa ang kanilang karanasan sa pag-aaral sa mga paraang mahalaga sa kanila.

Pagdadalubhasa sa Espesyal na mga Abanteng Kasanayan (Specialist High Skills Majors)

Para sa mga mag-aaral na mayroong ispisipikong karera (career) na nais sundan, ang Pagdadalubhasa sa Espesyal na mga Abanteng Kasanayan ay nagbibigay ng oportunidad na magawa ang kanilang pag-aaral na tumugma sa kanilang kakayahan at interes. Ang bawat “major” ay pinagsamang 8 hanggang 10 kurso, na bahagi ng kabuuang 30 kredit na kailangang para makapagtapos. Natutulungan nito ang mga mag-aaral na makapaghanda para sa tiyak na mga sektor sa pagtatrabaho, kabilang ang sa mga hospitality at turismo, sining at kultura, kalusugan at kabutihan (wellness), konstruksyon, manufacturing, paghahalaman (horticulture) at landscaping, at information and communications technology.

Koop na Pinalawak ang Saklaw (Expanded Co-op)

Hindi lang isang magandang karanasan ang on-the-job training, isa rin itong pagkakataon sa mga mag-aaral na ipagpatuloy ang kanilang mga indibidwal na interes at kakayahan at simulang mabuo ang kanilang karera. Sa pamagitan ng Koop na Pinalawak ang Saklaw (maraming mag-aaral na ngayon ang may oportunidad na magkaroon ng kapaki-pakinabang na karanasan sa pagtatrabaho habang naka-iipon ng mga kredit, kabilang ang 2 itinakdang kredito sa pagkuha ng kanilang diploma. Nagkakaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataon na “i-test drive” ang kanilang mga opsyon sa karera sila man ay papunta sa unibersidad, kolehiyo, pagsasanay sa pa-aapprentis (apprenticeship) o sa pagtatrabaho.

Dalawahang Kredit (Dual Credits)

Pinapayagan ng Dalawahang Kredit ang mga mag-aaral na lumahok sa apprenticeship training at sa mga kursong postsecondary habang nasa matatas na paaralan. Ibinibilang ang mga kurso para sa high school diploma at postsecondary diploma, kurso o sertipikasyon sa pag-aapprentis. Pinapayagan nito ang mga mag-aaral na “subukan” ang kolehiyo, na nararapat para sa mga nangangailangan ng mga oportunidad na matuto sa labas ng mataas na paaralan at sa mga makikinabang sa kanilang karanasan sa kolehiyo.

Transisyon mula sa mga Grado 7-9 (Grades 7-9 Transition)

Sa mga mag-aaral na may kahirapan sa kanilang transisyon mula elementarya hanggang mataas na paaralan maaari silang magkaroon ng indibidwal na atensyon at programa upang makayanan ang kanilang bagong sitwasyon at mga pangyayari na kanilang kinakaharap sa kanilang kapaligiran.

Mga Grupo sa Pagpapatagumpay ng Mag-aaral (Student Success Teams)

Mayroon na ngayon ang bawat mataas na paaralan ng isang grupo na binubuo ng punong-guro, mga guro, at tagapayo. Nagbibigay ang grupo na ito nang dagdag na atensyon at suporta sa mga indibidwal na mag-aaral na nangangailangan nito. Ang grupo ay tinutukoy, sinusupportahan, ang mga nahihirapang mga mag-aaral upang magbigay ng mga pagpipilian sa pag-aaral at masundan ang kanilang pag-unlad. Gayundin, ang Mga Grupo sa Pagpapatagumpay sa Mag-aaral ay nakikipagtulungan sa mga kawani sa paaralan, magulang at sa komunidad upang matulungan ang mas marami pang mga mag-aaral na maka-ipon ng mga kredit na kinakailangang para makapagtapos.

Mga Bagong Kurso (New Courses)

Nag-aalok ang mga paaralan ng bagong mga kurso sa teknolohiya at nagdagdag ng mga module sa dati ng mga kurso sa teknolohiya. Higit sa 300,000 mga mag-aaral ang nakinabang na sa higit sa 200 bagong mga kurso sa teknolohiya at 5000 mga upgraded na kurso, kabilang ang hospitality, health care at computer engineering. Maaari ring mapakinabangan ng mga mag-aaral ang higit sa 50 kurso na nasa online. Nakatulong ang mga kurso na ito na magbigay sa mga mag-aaral ng mga oportunidad na kunin ang mga aralin na may interes sila at maipon ang mga kredit na kailangan nila upang makapagtapos.

Kultura ng Tagumpay ng Mag-aaral (Student Success Culture)

Ang mga punong-guro at guro sa kabuuang probinsya ay nagsasanay upang magkaroon ng mga bagong ideya at makabagong mga pagharap, na makatutulong sa mga kabataan na magtapos sa mataas na paaralan. Nabuo ito ng isang kultura na may mataas na inaasahan at indibidwal na atensyon at pag-aalaga. Kapag napag-aalaman ng mga guro ang tungkol sa mga bagong oportunidad, mas nakapagbibigay sila sa mga mag-aaral ng pagpipilian, kabilang ang mga alternatibo sa mga regular na pag-aaral sa silid-aralan.

Lighthouse Projects

Mayroong mga makabagong lokal na proyekto para sa mga mag-aaral na kailangan ng dagdag na suporta at atensyon upang matulungan silang pumasok sa paaralan at mahikayat ang mga umalis na bumalik. Ang mga mag-aaral ay naka-iipon ng mga kredit at kumukuha ng mga programa na nakakabit sa kolehiyo.

Upang marami pang malaman, bisitahin ang iyong paaralan at makipag-usap sa punong-guro. Makakukuha pa ng ibang impormasyon sa mga pahina sa Ingles at French ng website na ito.

